



Alameda Alliance for Health
1240 South Loop Road
Alameda, CA 94502
T: 510-747-4567
CRS/TTY: 711
www.alamedaalliance.org

Registry ng Pagbabakuna ng California (CAIR)

Minamahal na Miyembro o Magulang/Tagapag-alaga:

Ang Registry ng Pagbabakuna ng California (California Immunization Registry, CAIR) ay isang system na nagsusubaybay sa mga pagbabakuna (pag-iiniksyon) at kasaysayan ng pagsusuri sa TB sa mga bata at nasa hustong gulang sa estado. Nakakatulong ang CAIR sa mga provider sa pangangalagang pangkalusugan na matiyak na ikaw at ang iyong pamilya ay nakakatanggap ng mga tamang bakuna sa tamang oras. Pinapanatili ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health) ang CAIR, at nililimitahan nito kung sino ang makaka-access dito.

Sa CAIR, magagawa ng iyong mga provider sa pangangalagang pangkalusugan na:

- Makita ang iyong mga talaan ng pag-iiniksyon at pagsusuri sa TB
- Iwasang bigyan ka ng mga karagdagang iniksyon
- Mag-print ng kopya ng iyong mga talaan ng pag-iiniksyon para sa iyo
- Paalalahanan ka sa pamamagitan ng koreo kapag nakatakda ka nang iniksyunan
- Magpanatili ng mga talaan ng pag-iiniksyon at pagsusuri sa TB, para hindi ka mag-alala na baka maiwala mo ito

Pakibasa ang "Paunawa sa Registry ng Pagbabakuna sa Mga Pasyente at Magulang" para matuto pa tungkol sa CAIR at iyong mga karapatan. Makuha ito sa maraming wika sa website na ito: <http://cairweb.org/forms>.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa CAIR, mangyaring makipag-ugnayan sa Help Desk ng CAIR nang toll-free sa **1-800-578- 7889** o sa **CAIRHelpDesk@cdph.ca.gov**.

Kung GUSTO mo na nasa registry ang mga talaan ng iyong anak, wala ka nang kailangang gawin. Ok ka na.

Kung AYAW mong ibahagi ng iyong planong pangkalusugan ang iyong mga talaan sa CAIR, humiling ng "Form ng Kahilingan sa Pagtanggì o Pagsisimula ng Pagbabahagi" (Decline or Start Sharing Request Form) sa pamamagitan ng pagtawag sa ain sa 510-747-4567.

Taos-puso,

Alameda Alliance for Health

Paunawa sa Registry ng Pagbabakuna para sa Mga Pasyente at Magulang (TB)

Napipigilan ng mga bakuna o 'iniksyon' ang mga malubhang sakit. Nakakatulong ang screening sa tuberculosis (TB) na malaman kung mayroon kang impeksyon ng TB at posibleng kailanganin ito para sa paaralan o trabaho. Posibleng mahirap na masubaybayan ang mga iniksyon/pagsusuri sa TB na natanggap mo na. Mas magiging mahirap ito kapag higit sa isang doktor ang nagbigay ng mga ito. Ngayon, gumagamit ang mga doktor ng secure na computer system na tinatawag na *registry ng pagbabakuna* para masubaybayan ang mga pag-iiniksyon at pagsusuri sa TB. Kung magpapalit ka ng doktor, magagamit ng bago mong doktor ang registry para makita ang talaan ng pag-iiniksyon/pagsusuri sa TB. Karapatan mong piliin kung gusto mong ibahagi ang mga talaan sa pag-iiniksyon/pagsusuri sa TB sa *Registry ng Pagbabakuna ng California (California Immunization Registry)*.

Paano Nakakatulong sa Iyo ang isang Registry?

- Nagsusubaybayan ng lahat ng iyong pag-iiniksyon at pagsusuri sa TB (mga skin test/x-ray ng dibdib), para wala kang mapalampas o hindi ka masobrahan
- Nagpapadala ng mga paalala kapag kailangan mo o ng iyong anak ng iniksyon
- Nagbibigay sa iyo ng kopya ng talaan sa pag-iiniksyon/pagsusuri sa TB mula sa doktor
- Makakapagpakita ng patunay tungkol sa mga pag-iiniksyon/pagsusuri sa TB na kinakailangan para magsimula ng child care, paaralan, o bagong trabaho

Paano Nakakatulong Registry sa Iyong Team sa Pangangalagang Pangkalusugan?

Ginagamit ng mga doktor, nurse, planong pangkalusugan, at ahensya sa pampublikong kalusugan ang registry para:

- Malaman kung aling mga pag-iiniksyon/pagsusuri sa TB ang kinakailangan
- Paalalahanan ka tungkol sa mga kinakailangang iniksyon
- Maiwasan ang sakit sa iyong komunidad
- Tumulong sa pagpapanatili ng talaan

Puwede bang Makita ng Mga Paaralan at Iba pang Programa ang Registry?

Oo, pero limitado ito. Magagawa ng mga paaralan, child care, at iba pang ahensyang pinapayagan alinsunod sa batas ng California na:

- Malaman kung aling mga pag-iiniksyon/pagsusuri sa TB ang kailangan ng mga bata sa kanilang mga programa
- Tiyaking kumpleto ang mga bata sa lahat ng pag-iiniksyon/pagsusuri sa TB na kinakailangan para magsimula sa child care o paaralan

Anong Impormasyon ang Puwedeng Ibahagi sa Registry?

- pangalan, kasarian, at petsa ng kapanganakan ng pasyente
- mga pangalan ng magulang o tagapag-alaga
- limitadong impormasyon para sa pagtukoy ng mga pasyente
- mga detalye tungkol sa mga pag-iiniksyon/pagsusuri sa TB ng pasyente

Ang inilalagay sa registry ay itinuturing na katulad ng ibang pribadong impormasyong medikal. Ang maling paggamit ng registry ay may karampatang parusa sa batas. Alinsunod sa batas ng California, opisina ng doktor, planong pangkalusugan, o pampublikong departamento sa kalusugan lang ang puwedeng makakita ng iyong address at numero ng telepono.

Mga Karapatan ng Pasyente at Magulang

Legal na karapatan mong hilingin na:

- hindi ibahagi ang mga talaan ng pag-iiniksyon/pagsusuri sa TB mo (o ng iyong anak) sa registry sa ibang tao maliban sa iyong doktor*
- hindi makatanggap ng mga paalala sa appointment sa pag-iiniksyon mula sa opisina ng iyong doktor
- tingnan ang kopya ng mga talaan ng pag-iiniksyon/pagsusuri sa TB mo o ng iyong anak
- malaman kung sino ang nakakita sa mga talaan o ipabago sa doktor ang anumang pagkakamali

Kung GUSTO mo na nasa registry ang mga talaan ng iyong anak, wala ka nang kailangang gawin. Ok ka na.

Kung AYAW mong ibahagi ng opisina ng doktor mo ang iyong impormasyon sa pagbabakuna/pagsusuri sa TB sa iba pang gumagamit ng registry, sabihin ito sa iyong doktor o mag-download ng “*Form ng Kahilingan sa Pagtanggì o Pagsisimula ng Pagbabahagi/Impormasyon*” (*Decline or Start Sharing/Information Request Form*) mula sa website ng CAIR (<http://cairweb.org/cair-forms/>) at i-FAX o i-email ito sa Help Desk ng CAIR sa **1-888-436-8320** o CAIRHelpDesk@cdph.ca.gov.

Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa Help Desk ng CAIR sa 800-578-7889 o sa CAIRHelpDesk@cdph.ca.gov

** Ayon sa batas, puwede ring tingnan ang mga opisyal sa pampublikong kalusugan ang registry kung sakaling magkaroon ng emergency sa pampublikong kalusugan.*

California Department of Public Health: Med Office IZ Registry Disclosure Letter rev 7/13 **IMM-891 E/S**